REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-80**

**KAPASIYAHAN NA KUMUKONDENA SA KAPABAYAAN NG PANGASIWAAN NG PHILIPPINE NATIONAL RAILWAYS (PNR), AT PAGHINGI NG KABAYARAN SA PAGKAMATAY AT PAGKASUGAT NG MARAMI SA KALUNUS-LUNOS NA TRAHEDYA NANG MAGBANGGAAN ANG DALAWANG TREN SA DAANG BAKAL SA BARANGAY BULI, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*************************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ng umaga ng **22 Setyembre 1997,** isang trahedya sa Daang-Bakal ng Barangay Buli, Lungsod ng Muntinlupa ang naganap ng ang dalawang Tren ng Philippine National Railways ay magbanggaan;

**SAPAGKAT,** sa nangyaring sakuna, siyam (9) na buhay ang nabuwis at maraming iba pa ang malubhang nasugatan;

**SAPAGKAT,** ang sakuna ay nagsimula nang ang **"Engine Car"** ng unang tren patungong Maynila ay natanggal at napahiwalay sa tatlong (3) **"passenger coaches"**;

**SAPAGKAT,** ang naiwang tatlong (3) **"passenger coaches"** ay unti-unting umusad pabalik na sumalubong at bumangga sa ikalawang dumarating na tren;

**SAPAGKAT,** ang nakalulungkot na kapahamakan ay hindi sana nangyari kung ang Pangasiwaan ng Philippine National Railways ay ginagampanan ng buong kasikapan ang tamang pagpapanatili ng kaayusan ng sasakyan;

**SAPAGKAT,** ang sakuna ay maiiwasan pa sana kung ang sasakyan ay mayroong sistemang pangkomunikasyon o gamit pambabala na ipinagkaloob ng Pangasiwaan;

**SAPAGKAT,** sa tawag ng katarungan at kaawaan, ang Philippine National Railways ay dapat magbayad sa mga taong namatay, nasugatan at nasaktan bunga ng kanilang kapabayaan.

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na kondenahin at pabayaran sa Pangasiwaan ng Philippine National Railways ang mga namatayan, nasugatan at nasaktan sa kalunus-lunos na trahedya ng banggaan ng Tren sa Daang-Bakal sa Barangay Buli, Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon, Pangasiwaan ng Philippine National Railways, House of Representatives at Senate.

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **22 Setyembre 1997**, sa ginanap na **ika-98 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN:**

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: ____________________